# *Kasaysayan ng Bucayao Ecumenical Church*

Taong 2012, nag -organize ang ating mga Pastor na sina **Rev. Wilfredo Fernando** at **Pastor Marcelo Soriano** sa Sitio Aroma, Tibag, Calapan City nang mga gawaing may kinalaman sa paglago ng paglilingkod sa Panginoon. Nagsimulang magkaroon ng Home Bible Study sa tahanan nina Pastor Marcelo Soriano na pinangungunahan ng mga kabataan tuwing araw ng Sabado ng gabi. Naglaan ng oras ang mga kabataan kasama ang pamilya ni Pastor Celo para sa pagbabasa ng ilang talata mula sa Bibliya at nagkakaroon ng pagbabahaginan hinggil rito upang mas mapalawak ang pagkaunawa at kaalaman sa salita ng Diyos.

Sa paglipas ng mga buwan at taon nakasama na rin sa Bible Study ang kani- kanilang pamilya hanggang sa kami ay dumami at lumago. Nagsimula kami sa mga pamilya sa Barangay Tibag. Ito ay ang pamilya nina G. Marcelo Soriano at Gng. Dorcas Soriano, G. Herman Evangelista at Gng. Melanie Evangelista, G. Jerwin Panaligan at Gng. Mariane Rosales Panaligan, G. Christian Bermudez at Gng. Diosa Soriano Bermudez, Jevy Dimaano, Nora Sarsaba, Rosita Castillo, Constancia Cuz at Evelyn Rañon. Nagpatuloy ang ganitong gawain sa pangunguna ni Pastor Marcelo Soriano.

**Taong 2013**, sinundan natin ang ating mga kapatiran sa San Andres na lumipat ng Bucayao, ang pamilya Añonuevo na sina Kap. Necita, Narciso, Anabel, Amilyn, Ezekiel, at Erlyn Añonuevo. Nagkaroon ng gawain linggo-linggo hanggang sa nagpasya na si Pastor Wilfredo Fernando, Pastor Marcelo Soriano at ang mga kapatiran na magpatayo ng bahay sambahan. At dahil sa kalooban ng Diyos ay nagkaloob ng lote si Kap. Amilyn Añonuevo na pagtatayuan ng bahay sambahan. Nagsimulang maglikom ng pondo para sa pagpapatayo ng bahay sambahan at sa kalooban ng Panginoon ay tumugon ang ating butuhing Mayor sa katauhan ni Doy C. Leachon, nagbigay siya ng halagang dalawampung libong piso (P20,000.00)bilang panimula.

**Taong 2015** , ito ay naitayo sa pamamagitan ng mga kalalakihan,pangunguna ng Pangulo ng kalalakihan na si Narciso Añonuevo, pangalawang pangulo na si Herman Evangelista at Jerwin Panaligan at iba pang mga kapatiran hanggangg sa mabuo ang bahay sambahan. Bagamat hindi pa tapos dahil sa kakapusan ng budget ay nagpasya na rin ang mga kapatiran na doon na magtipon-tipon tuwing araw ng pagsamba, araw ng Linggo. Sa unang anibersaryo, ang pangulo ng kalaganapan Pred. Justice Raul V. Victorino ay ang unang naging tagapagsalita at napansin ng pangulo na hindi pa konkreto ang flooring ng simbahan kung kaya't siya ay nagbigay ng pampasemento nito. Lumipas ang dalawang taon patuloy sa pagpapagawa ng bahay-sambahan, nakahingi ng tulong ang Pangulo ng konsilyo sa katauhan ni G. Christian Bermudez sa kanyang bayaw na si G. Chris Dainty na mula pa sa United Kingdom at ito ay agad ay tumugon. Una, nagpadala siya ng cash na nagkakalahaga ng limampung libong piso (P50,000.00) at ito ang ginamit upang pambili ng bubong at kisame. Si Vice Mayor Bong Brucal naghandog ng 40 supot ng semento para sa finishing ng dingding.

Nagkaloob muli si Chris Dainty ng (P20,000.00) para sa pagpapagawa ng mga bintana at sa kalooban ng Diyos natapos ang bahay sambahan sa Bucayao sa tulong ng mga kapatiran at ng mga kapatid na may mabubuting kalooban. Kung kaya't tuwing Linggo ay masaya nang nagkakatipon ang mga kapatiran upang magsamba.

May mga pagkakataon na kapag nagkakaroon ng masamang panahon o bagyo ay naapektuhan ang aming bahay-sambahan sapagkat naaabot ito ng baha, bagaman ganon ay di parin nahadlangan ang nais na paglilingkod ng mga kapatiran sa pangunguna ng katauhan ni Pastor

Marcelo Soriano. Nagsagawa kami ng mga pagsambahay sa tahanan nina Kapatid Diosa Bermudez sa Tibag. Pagkatapos ng pagbaha at bagyo ay kusang loob naman ang ginagawang paglilinis at pagsasaayos muli ng aming bahay sambahan sa pangunguna ni Kapatid Ezekiel Añonuevo.

Di naglaon, sa patuloy na paglago kasabay nito ang mga pagnanais na makapag aral o magkaroon ng malalim na kaalaman sa salita ng Diyos ng ilan sa aming mga miyembro, ito ay sina Kapatid Glenda Gamil, Joan Tubis, Judy Ann Sison, Mikah Rañon, Aiza Manalo at Ezekiel Añonuevo. Sa pagpapalang kaloob ng Diyos sina Ezekiel Añonuevo at Kapatid Aiza Manalo ay naatangan bilang mga Predicador. Lumipas ang taon ay naatangan rin maging isang Predicador ang Kapatid Diosa Bermudez at sila ang mga manggagawang naging katuwang ng aming Pastor Marcelo Soriano. Sa patuloy na pagsamba ay marami nang mga kabataan at bata rin ang nahikayat sa pagtitipon sa pagsamba sa bahay-sambahan sa Bucayao. Bagaman malayo ang Bucayao hindi ito naging balakid para makasama namin sila sa pananambahan. Kasama sila ng pamilya ni Pastor Celo bumabyahe patungo sa aming bahay sambahan.

Dumating ang hindi inaasahan ng lahat ang pagkakaroon ng pandemya taong 2019, ipinagbawal ang ilang pagdiriwang o pagtitipon maging ang pagtungo sa simbahan upang magsimba, pero sa kabila ng pandemyang ito ay hindi natinag o tumigil ang mga kapatiran at ang aming Pastor Marcelo Soriano at mga Predicador na ipagpatuloy ang mga gawain kaugnay ng aming pagsamba at paglilingkod. Sa patuloy na pag-unlad ng makabagong teknolohiya ay malaki ang naging katulungan nito sa aming pananambahan sa pamamagitan ng social media kami ay nakakadalo ng pagsambahay.

Sa kabila ng mga pagsubok o ganitong pandemya ay patuloy parin ang masaya at maalab na pagsamba ng buong kapatiran sa Bucayao. Hanggang sa pahintulutan ng muli ang pagdaraos ng mga pagtitipon, naging masaya at nagkasama samang muli sa loob ng bahay sambahan ang buong kapatiran upang muling doon magdaos ng aming pananambahan.

**Ipinasa ni:**
**Mariane R. Panaligan (8-27-2022)**